# WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
## Aralin 45

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 45** |
| --- |
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - “Ang Sumpa ng El Dorado” |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Sumpa ng El Dorado**

**WRITING PROMPT LESSON 45**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, mas malalaman natin ang tungkol sa tagong lugar na puro ginto! Ano nga bang misteryo ang ating matutunghayan? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**
Nalaman mong kinukwento ni Caloy ang mundo sa labas. Ang mataong siyudad, ang mga nagtataasang gusali, ang mga teknolohiyang sadyang napakagaling talaga! Nalaman mo rin na ang babae ay ang pinuno ng lugar. Higit sa lahat, nalaman mo ring ang lugar ay tinatawag na “El Dorado”.

Sinabi mo ang rason kung paano kayo nakapasok sa lugar, na nawala kayo dahil sa paghahabol ng batang si Caloy sa paruparo.

Ayon sa Pinuno, hindi daw niya kayo matutulungan bumalik sa inyong mundo dahil hindi maaaring lumabas ang mga taga-El Dorado. Ito daw ang kapalit matapos silang iligtas ng mga Diyosa mula sa mga Kastilang nanakop matagal na panahon na ang nakakaraan. Halata sa mukha ng pinuno ang paghingi ng tawad sa inyong dalawa. Ngunit, naalala mo ang mga batong iyong iniwan sa labas. Anong susunod na mangyayari sa kwento?

•Ano ang iyong sasabihin sa pinuno tungkol sa paglabas ng El Dorado? Para saan ang mga batong iniwan mo sa daan?
•Paano mo bibigyang pasasalamat ang Pinuno sa pananatiling ligtas ng iyong pinsang si Caloy?
•Ano ang ibibilin mo kay Caloy bago kayo tumungo palabas ng El Dorado?

**III.Teacher's Message**
Sa wakas, mukhang makakauwi na kayo ni Caloy! Dugtungan ang ating kwento bilang paghahanda sa inyong pag-uwi. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Paano kaya magtatapos ang ating kwento? Abangan sa susunod!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."